

1

Gerry heaved a sigh when he entered the fabulous private office of Antonio Garcia, the President and General Manager of Laden Hotel & Resort. All his life, wala siyang pinangarap kundi ang makatuntong sa lugar na iyon—sa mismong opisina ng iyon. Of course, he had been there a few times before. He was an exclusive member of the said resort.

Ang Laden Hotel & Resort ay nasa laylayan lamang ng Maynila. It was located in a strategic area in the south. Nasasakupan ang mala-paraisong lugar na iyon ng Laguna, Cavite at Batangas. Isang kahanga-hangang obra ang konstruksyon niyon. It had hectares of golf range, Olympic-sized swimming pools, eight-storey hotel and so many cottages. Para iyong isang paraiso na napapaligiran ng magagandang halaman, malalagong puno at mangasul-ngasul na dagat. Hindi niya halos matanto kung paano naitayo ang kabigha-bighaning lugar. He knew it took a lot of intelligence and of course, money to acquire it.

Napatiim-bagang siya. Part of it was his father's money. Agad na lumatay ang pait sa kanyang

kaibuturan pagkaalala sa nakaraan. Ayaw na sana niyang alalahanin pa iyon, pero hindi niya maiwasang kahit paano ay masaktan pa rin kapag sumasagi sa alaala ang ama. He had little memories of his father because he was too young when he died. He was barely seven years old then.

Napalingon siya nang marinig ang tinig ng sekretaryang sumalubong sa kanya sa lobby ng penthouse kung saan naroon ang opisina ni Antonio Garcia.

“Mr. Hamilton, maupo po muna kayo. Parating na si Sir,” anang humigit-kumulang cincuenta años na babae. Josephine ang pangalan nito. Ito ang una niyang nakausap noong nakipag-set siya ng appointment kay Mr. Garcia. They had prior telephone conversations for over two weeks already. Maging ang mga abogado nila ay nagkausap na rin. Sa pagpunta niya roon, halos ay nakakasiguro na siyang sa kanya maibibigay ang award notice para sa bidding. Antonio Garcia wanted to talk to him personally instead of sending him the notice, according to Josephine.

Bahagya siyang yumukod. “Thank you,” aniya bago umupo sa forest green velvet sofa na animo ay upuan ng isang hari sa rangya. Nginitian niya ang

babae.

Ngumiti rin si Josephine. “Would you care for a drink?” tanong nito. Nakasuksok ang dalawang kamay nito sa bulsa ng suot nitong itim na palda.

Umiling siya. “I just had a cup of coffee in my cottage before going here.” Kahapon pa siya naka-check-in doon. He was occupying Cottage 101, also known as the ‘Presidential cottage’. Ang cottage daw na iyon ang inookupa ng mga dignified guests ng resort.

Isang malaking karangalan na iyon ang ibinigay sa kanya ni Antonio Garcia para sa pagtigil niya roon sa loob ng isang linggo.

“Pakihintay na lang si Sir. He’ll be here in no time,” ani Josephine bago siya nginitian uli, saka tumalikod at humakbang palayo.

Sinundanniya itong tingin bago isang kapilyuhan ang agad na pumasok sa kanyang utak. He thought if he was in the shoes of Antonio Garcia, he would not hire somebody as old as her to be his secretary. He had a beautiful and sophisticated secretary—si Bianca. Iyon nga lang, he could not fully rely on her kaya kailangan pa niya ng executive assistant na isang lalaki para sa iba pa niyang transactions: si

Damien na matalik din niyang kaibigan.

Actually, papalit-palit siya ng sekretarya. Kapag kasi napapansin na niyang masyado na itong nag-aambisyon na masilo siya, umiiwas na siya. Yes, he could be tagged as womanizer but he did not want to be labeled as playboy. At lalong ayaw niyang maakusahan na mapagsamantala sa kababaihan. He could proudly say he was a one-woman man. Ayaw niyang manakit ng damdamin ng isang babae... ni paasahin ito sa wala. Besides, ilang beses na siyang muntik nang mapikot kaya naman nag-iingat na siya ngayon.

Magsisinungaling si Gerry kung sasabihin niyang wala siyang nakarelasyong empleyada, pero nangako na siya sa sarili na itutuwid na ang pagkakamaling iyon. That was only a part of his insane days, noong nag-uumpisa pa lang siyang palaguin ang kanyang negosyo. He was so young then and experimental. Now that he was mature enough, he knew the right from wrong.

Sa totoo lang, hindi na nga rin niya alam kung paano i-determine kung sinong babae ang totoo magmahal. Sa dinami-dami ng naging girlfriends niya na pinaulanan niya ng mamahaling regalo, bakasyon sa kung saan-saan at kung anu-ano pang

bagay, parang ang tingin niya ay mahirap nang makahanap ng matinong babae. Para bang naging paranoid na siya sa isiping ang nais lamang ng mga ito sa kanya ay ang fat bank accounts niya.

Not that he was ugly. He was gorgeous according to many. Pero mula noong nasaktan siya nang labis dahil sa pag-ibig, he became suspicious of women. Paano naman, minsan na siyang nagmahal nang totoo four years ago. Inakala niyang totoo umiibig din ito sa kanya, pero pagkatapos niyang mabigyan ng magandang buhay at negosyo ang pamilya nito, nagpakasal ito sa first love nito sa high school. Matagal din bago siya naka-move on nang tuluyan. He never thought it would be that painful to be deceived and be left behind, knowing that he practically had everything.

After that, nawala na ang tiwala ni Gerry sa mga babae. He went out on dates with them with no strings attached—one woman at a time. Mas mabuti na ang gayon kaysa naman makasakit siya ng kalooban ng inosenteng nilalang.

Gayunman, hindi pa rin nawawala sa utak niya na darating din ang panahon na makakatagpo siya ng babaeng mapagkakatiwalaan at makakasama niya sa pagtanda. He sincerely hoped he could find someone

who would not look after his wealth. He even gave a timetable for himself. Kailangang mahanap na niya ang babaeng magiging mabuting asawa at ina ng kanilang mga magiging anak bago siya tumuntong sa edad na tatlumpu't lima. That would be less than three years from now. Siguro naman, sa dinami-dami ng babaeng nakakasalamuha at nakaka-date niya, makakatagpo rin siya ng matinong babae. Of course, she should also be beautiful. He had a keen eye for pretty women. Somebody who was every inch a lady.

Ngayon, habang wala pa ang babaeng hinahanap ni Gerry, kailangan niyang mas palaguin pa ang kanyang negosyo. He owned a chain of motels and restaurants and he owed that to his stepfather who loved him as if he was his own flesh and blood. Ito ang nagbigay sa kanya ng malaking pamana para magamit niya sa negosyo. Dahil sa isang hotel sa Australia siya nagtrabaho bilang hotel manager pagkatapos ng kolehiyo, naisipan niyang magtayo rin ng ganoong business, pero iyong pang-masa ang appeal.

Hindi naging ganoon kadali na na-attain niya ang pangarap niya. It was like a roller coaster for the first two years. Hanggang sa naisipan niyang makipag-tie-up sa maliliit na restaurants at resorts.

Unti-unting nakilala ang Happy House Inns hindi lamang sa mga lovers na gustong magpalipas ng oras sa malamig na kuwarto ng mumurahing motel. Naging popular na rin ito sa mga pamilyang gustong mag-enjoy nang sama-sama sa mga espesyal na okasyon, pero hindi makaka-afford na magbayad sa mamahaling hotels.

Sa ngayon, mayroon na siyang anim na branches ng Happy House Inns sa Kamaynilaan at nasa immediate plans niya ang pagtatayo pa ng mas marami sa outskirts ng Maynila at iba pang probinsya.

Parang kailan lang...

He was known now as a young entrepreneur. He had been featured in some television programs. Kaya nga mas nakilala ang Happy House Inns, pati na rin siya. He was recognized everywhere he went.

Napasandal si Gerry sa sofa at pumikit siya nang mariin. Kahit naging maganda naman ang buhay niya sa piling ng stepfather, hindi pa rin niya malimutan ang tunay na ama. May isip na siya nang nasawi ito. Nakita niya kung paano nasaktan ang kanyang mommy, si Isabel, sa pagkawala nito. Iyon nga ang nagbunsod kaya sila nag-migrate sa Australia. Doon ay nakilala nito si Allan Hamilton na isang

Australian. Nagkaibigan ang mga ito at nagpakasal. He was only ten years old then. Naging mabuting pangalawang ama sa kanya si Allan. Pinunuan nito ang pagmamahal ng nasira niyang ama. When his stepfather died, he and his mother went back to the Philippines.

Kahit bata pa si Gerry noong namayapa ang kanyang ama, alam na niya ang mga nangyari. His father was then a part of Laden Hotel & Resort. Manager ang daddy niya roon at bilang isa sa mga pioneer employees at may mataas na katungkulan, may profit sharing umano ito sa kompanya. Ngunit bigla na lang daw tinanggal ang ama niya at pinagbintangang lumustay ng pera. Hindi nito nakuha ang share nito sa Laden at dahil sa sobrang sama ng loob ay naglasing ito. Naaksidente ito habang nagmamaneho na agad nitong ikinamatay.

Nang nalaman niya ang tungkol sa pagbebenta ng mala-paraisong lugar na iyon, hindi siya nagdalawang-isip. He knew his funds were not enough dahil nagamit na nga niya ang pondo sa kanyang negosyo. He had to file loans in big banks and he now had the money he wanted. Isasantabi muna niya ang expansion program ng Happy House Inns. He could not afford to lose the opportunity to own Laden Hotel & Resort. It was such a big risk but

he had to do it. Pakiramdam kasi niya, mapapaligaya niya ang nasirang ama kung magagawa niya iyon. It was not for anything at all. It was for his own willingness to be known as a young hotelier, not just a cheap motel owner.

This would be his first formal appointment with Antonio Garcia. He had read about him on the newspapers but he had not met him personally.

Napalingon si Gerry nang bumukas ang pinto ng magarbong opisina. Matikas na matikas ang tindig na presidente ng Laden ang pumasok doon. Larawan ito ng isang de-kalibreng negosyante. A million-dollar question was playing in his mind as he approached him: Why the hell was this man selling a place that could be considered a paradise? Nabasa niya ang ilang artikulo na mismanagement ang dahilan ng pagbebenta nito. Ang sabi ng ilan, nalulugi raw dahil marami nang nag-withdraw ng membership at hindi na nag-renew nang nakaraang taon.

Tumayo siya mula sa pagkakaupo. He felt a little pain in his chest knowing that Antonio Garcia might be the main reason for his father's untimely death. Pero pilit niyang binale-wala ang nararamdaman. He was there for a reason. Vengeance had no place in

his heart. Bagaman, naroon pa rin ang kagustuhan niyang malaman ang buong katotohanan. He deserved to know why his father was terminated from the company. It was like an open book that needed to be closed.

Seryoso ang mukha ni Antonio Garcia. “Gerry Hamilton?” he asked.

Agad niyang inilahad ang kamay rito. “Ako nga, Mr. Garcia. Gerry Hamilton. It’s an honor to finally meet you, Sir.”

Tinanggap nito ang pakikipagkamay niya. “It’s good to see you, too,” matipid na tugon nito. “Maupo ka.” Naupo ito sa kaibayong single velvet sofa.

Pinag-aralan niya ang bawat kumpas ng kamay nito habang nakikipag-usap. Pinagmasdan niya ang kilos nito... kung paano ito magsalita. He was a typical first-rate businessman.

“Your surname’s Hamilton, right? But you look every inch a Filipino. So your father’s a foreigner?” untag nito nang naging kaswal ang usapan nila. Dinalhan sila ng chamomile tea ni Josephine.

“Not exactly. That’s the family name of my stepfather who adopted me. He’s Australian.” Wala siyang balak na magpakilala ng tunay niyang

pagkatao. Baka maging dahilan pa iyon para hindi matuloy ang bilihan kapag nagkataon.

“Oh, I see,” anito bago humigop ng tsa. Pati paghawak nito ng teacup ay parang aral na aral. Gerry was silently observing him as their talks went on. “How’s your stay here?” anito.

“Very fine, Mr. Garcia. I have been a member of this resort for two years already at sa tuwing pupunta ako rito, parang laging first time. Your staff is very accommodating. I should say I am having a great time.”

“I asked them to give you the best cottage.”

“It’s a great honor to be in Cottage 101. Pakiramdam ko ay hindi ako deserving na tumira roon.”

“Why not? You’ll be the owner of this place soon.”

Parang biglang sumigla ang kanyang puso. “I am so delighted to hear that, Mr. Garcia,” aniya. “If it’s not too much to ask, maaari ko bang malaman kung bakit ninyo ibinebenta ito? Although I gathered some information, gusto ko pa ring malaman.”

Bahagyang ngumiti ito, pagkuwan ay isinuklay

ang kamay sa maputi nang buhok. “I’m not getting any younger. Gusto ko, sa natitira kong taon sa mundo ay ma-enjoy ko naman ’yun. I have been working all my life. I am too tired at... marami akong gustong ituwid sa mga nakaraan.”

“Wala ba kayong anak na pwedeng mamahala nito?”

“I have two daughters but they have no interest in hotel administration. My eldest is in the US, enjoying her freedom and her own business there and my other daughter is too committed with the life she wanted to have.” Lumatay ang lungkot sa mga mata nito. “I wish I had a son like you.” Huminga ito nang malalim. “Actually, may mas malalim pang dahilan kung bakit gusto ko nang ibenta ang property.” Nagpakawala uli ito ng buntong-hininga bago uli nagsalita. “It’s... it’s not doing well in the past two years. Hindi naman masasabing lugì pero kung... kung hindi magagawan ng paraan, maaaring doon na nga mapunta.

“Gaya ng nasabi ko, matanda na ako at pagod na para mag-intindi pa. This means a lot to me. Gusto kong habang hindi pa ito tuluyang nalulugi ay mas mapaunlad pa ito ng bagong magmamay-ari nito. And I believe you can do it, Mr. Hamilton. Needless

to say, I chose you not because you're the highest bidder, kundi dahil sa nagawa mong pagpapaunlad sa negosyo mo sa loob ng maikling panahon. I know you can handle things better. You're a young blood. You can do much more. I will just be a member. Nang sa gayon, magiging parte pa rin ako ng hotel at resort na ito. I can go here whenever I want."

There was a strange feeling that struck Gerry's heart. Para bang nakadama siya ng kung ano sa kanyang puso. Habang lumalaki siya ay nabuo sa isip niya ang galit sa mga taong inisip niyang naging dahilan ng kamatayan ng kanyang ama. Ngunit habang pinagmamasdan niya ang maamong mukha ni Antonio Garcia at ang malamlam na mga mata nito, ay parang may nagbulong sa kanyang puso na mabuti itong tao.

Pinakinggan niya uli ang pagkukuwento nito. "I am sick. Nagkaroon na ako ng minor heart attack. Since wala naman parehong interes sa negosyo ang dalawa kong anak, mas mabuting ibenta ko na ito. Ayokong kapag hindi na ako makapagtrabahong mabuti ay mas malugi pa ito. Mas ikamamatay ko iyon. Isa pa, sila rin ang dahilan kung bakit gusto ko nang mamahinga. I want to make up for the lost times. Marami akong kasalanan sa mga anak ko."

Ayaw niya ng madramang usapan hangga't maaari pero matamang pinakinggan niya ang pagsasalita nito, saka niya namalayang magaan ang kanyang pakiramdam. Ang totoo, sumubok siyang mag-bid hindi para gumanti kay Antonio Garcia. He had pain in his heart sa tuwing naaalala ang pagkamatay ng daddy niya but he did not want revenge. Why would he? Sa ganda ng nangyari sa buhay niya, wala siyang balak gumanti. Ang gusto lang niya ay mapasakanya ang property na iyon. Sa gayong paraan, kahit paano ay mabibigyan niya ng kaligayahan ang ina at ang namayapang ama. "I already had enough funds to pay you, Mr. Garcia. I put the possible highest bid and hoped to win."

Marahan itong tumango. "Then I will have the contract ready."

"Paano ang mga minor shareholders ng hotel?"

"This is a family corporation. May mangilang-nangilang minor holders, pero binili ko na rin ang share nila bago ako nag-decide na ibenta ang property. They willingly sold their shares dahil siguro natakot na baka nga malugi ito nang tuluyan. Wala nang problema roon. Nakapagpadala na ako ng letter sa lahat ng miyembro ng golf club at resort. I explained my personal reason why I'm selling this. Siniguro

ko naman sa kanila na walang mababago rito. Kung mayroon man, hopefully, the change will be for the better.”

“How about your people? Your staff?” tanong pa ni Gerry.

“Iyon nga ang isa sa gusto kong ipakiusap sa iyo, Mr. Hamilton. I can vouch for most of my staff. They are all well-educated and well-trained. If it is not too much to ask, hihilingin ko na i-absorb mo silang lahat. Although some of the pioneers requested that they would be given separation pay for the years of their service and I will gladly do that pero 'yung ibang mga dito lang talaga umaasa, nakikiusap akong i-consider mo sila.”

“But of course, Mr. Garcia. I'm fairly new in the hotel business, pero nagtrabaho na ako sa hotel sa Australia as a manager, kaya may experience na rin ako kahit paano. Maliit lang ang negosyo ko kung ikukumpara sa inyo. I will be needing good people definitely. I will consider all your employees as my own, pero siyempre, isasangguni ko ang lahat sa HR at legal counsel ko. Para siguro maging fair, isa-suggest ko na bayaran ninyo ang length of service nilang lahat under your company pagkatapos ay magsisimula sila sa akin sa day one ng take over ko.

In that sense, makikita namin kung sino sa kanila ang karapat-dapat na i-retain at i-regular uli after six months. I am a very good employer, Mr. Garcia.” Binigyang-diin niya ang huling sinabi.

Ngumiti si Antonio Garcia. “That would be a win-win situation for the employees and you, Mr. Hamilton. Yes, I will do that.”

“Gerry. Call me Gerry, Mr. Garcia.”

“Okay, Gerry. I trust that you will take care of Laden,” anito na tila nangulap ang mga mata.

“I definitely will.” Magiging kanya na ang pinakamimithi niyang Laden Hotel & Resort. Makikilala na siya hindi lamang bilang may-ari ng cheap motels kundi ng isa sa pinakamagagandang first class hotel and resort sa bansa.

Marami pa silang mga napag-usapan. Aminado siyang sa mahigit dalawang oras na lumipas ay marami siyang natutunan sa matanda sa pasikut-sikot ng hotel management.

“Is there anything else you want to ask?” untag nito.

“Well... ahm. I would like to know kung bakit hindi na lang ninyo ipinagtiwala sa mga trusted

ninyong tauhan ang inyong negosyo? You can stop working but still keep the property,” nag-aalangang usisa niya.

“When I said I want to stop working, I meant it. I guess masyado na akong pagod sa kakaisip pero naisip ko na rin ’yan. Sa huli, nagpasya na rin ako na i-give up. Dahil nga mas ikamamatay kong makita kung tuluyan itong malulugi. My staff is good but the consequences aren’t. Maraming factors ang naging dahilan ng pagbaba ng profit sa huling tatlong taon.” Umubo ito nang bahagya bago muling nagsalita. “If only my eldest daughter followed my advise.”

“Why didn’t she?”

“Hanna is the most hard-headed girl in this world. Kung ano’ng gusto, iyon ang ipipilit niya. She’s a brat but I love her. I love both my daughters but I am paying more attention to Hanna. Alam ko kung gaano kasama ng loob niya sa akin kaya in a way ay nagrebelde siya. Kasalanan ko rin kung bakit malayo ang loob nila sa akin at sa negosyo. I was always too busy and didn’t have time for them.”

“But they have to be responsible now.” Naglaro sa isip ni Gerry kung gaano katigas ang ulo ng anak nito. Inisip na rin niya ang posibleng hitsura nito.

“They are responsible in their own chosen fields. Engineer si Hanna at may sariling firm sa America habang si Chloe ay binubuo ang pangarap niya sa showbiz.”

Nanlaki ang mga mata niya. “Anak ninyo si... si Chloe Garcia?” Si Chloe Garcia ang beauty queen turned TV actress na crush na crush niya noon pa. She loved the way she spoke and moved. Minsan ay nakita niya ang palabas nitong telenovela sa T.V. habang nanonood ang mommy niya.

Ngumiti si Mr. Garcia. “Yes, anak ko siya. I gave her the freedom pati na rin si Hanna. Medyo late na nga lang because when they were young, suppressed sila sa gusto nilang gawin.”

“You have beautiful daughters, I suppose.”

“Chloe, yes, she’s beautiful. Si Hanna... itinago ang ganda.”

“Ano’ng ibig ninyong sabihin?” Ewan ba niya kung bakit mas naging interesado siya ngayong pakinggan ang personal na buhay nito kaysa negosyo. He could not believe himself listening to what he was saying. Hindi siya mahilig makinig sa biography ng ibang tao.

“I got married late. Hanna was born when I

was already thirty-eight. I wanted to have a son for my first child pero babae nga ang lumabas. Parang hinanap ko ang lalaking anak sa katauhan niya.”

“She’s... a lesbian?” manghang tanong niya.

Umiling ito. “Not really. Hindi siya nanliligaw ng babae. Kilos lang. She’s a little boyish. She has short hair and she never wears dresses and skirts. Kasalanan ko na naman dahil noon, palaging gusto kong naka-pants at shorts siya.” Nakangiti ito habang nagsasalita. “But she’s beautiful, though. Maybe, as beautiful as Chloe. Hindi nga lang napapansin dahil sa kanyang kilos at pananamit.” Huminga ito ng malalim. “How I wish... how I wish she would change and find the right man for her. Bago man lang ako mamatay.”

He felt strange. Bigla na lang may umusbong na pagnanais sa kanyang puso na makilala ang mga anak nito. He had a crush on Chloe, but he was more curious to meet Hanna. Hindi niya alam kung bakit. Ang isa pang estranghero sa kanyang pakiramdam, parang nawala na nang tuluyan ang galit na noon ay namahay sa kanyang puso laban sa pamunuan ng Laden Hotel & Resort. Kunsabagay, naisip niya, hindi rin naman siya nakakasiguro kung direktang may kinalaman si Mr. Garcia sa pagkatanggal ng kanyang

ama sa trabaho noon. Being young then, he was not in the right track of mind. Siguro ay nawalang tuluyan ang bigat ng dibdib niya dahil kahit paano, sa unang pagkakilala niya kay Mr. Garcia, nakita niyang importante rito ang mga empleyado nito.

He could not deny he had a pleasant time talking to Antonio Garcia. Napagkasunduan nilang magkita sa susunod na linggo para ibigay nito sa kanya ang draft ng kontrata na pag-aaralan ng legal counsel niya.

Sa bahay na siya dumerecho. Gusto na agad niyang mai-share sa mommy niya ang kaligayahang nararamdaman niya.

“My hardwork is paying off, Mommy,” aniya kay Isabel. Magkaharap sila noon sa den habang nagkakape.

“Dahil mabuting tao ka. Wala kang angst sa buhay kahit alam mong doon nagtrabaho ang daddy mo noon...”

“Being free from anxiety is nice. Pero, Mommy, gusto ko pa ring malaman ang katotohanan tungkol sa nangyari sa Daddy. Gusto kong linisin ang kanyang pangalan kahit wala na siya. Owning the place where he used to work will make him very

happy.”

Hinaplos ni Isabel ang pisngi niya. “You’re almost complete. Asawa na lang ang kulang,” anito. “Kailan mo ba ako bibigyan ng manugang at mga apo?”

Tumawa siya nang malakas. “Darating din tayo diyan, Mommy. Huwag kang mainip.”

“Gusto ko na kasing makapaglaro ng apo.”

“Hayaan ninyo, Mommy. Kapag settled na ang Laden Hotel & Resort, magsisimula na akong mag-scout ng babaeng maaari kong pakasalan,” seryoso niyang tugon.

2

“Why, Mommy? Bakit ibebenta ni Daddy ang *Laden*?” Hanna was on top of her voice. She just watched the news via *TFC*. Napanood niya na ibinabalitang pagbebenta ng negosyo ng kanyang ama.

“Maraming dahilan, anak,” sagot ni Mrs. Juanita Garcia. Hindi naikaila sa kanya ang paggaralgal ng boses ng mommy niya.

“I need to know,” pakli niya.

“Kailan ka pa nagkainteres sa daddy mo? Sa *Laden*?”

Napalunok siya. “Mom...”

“Your dad has already decided. He’s selling *Laden* and it’s final. May sakit ang daddy mo and the business is not doing well for the past three years. Your father is so scared to see his legacy na... na mawalang parang bula. Dahil sa mga renovations doon at sa kung anu-anong untoward problems, halos tubo lang ang nababayaran sa loans namin sa bangko. Dalawang magkasunod na bagyo ang sumira sa maraming magagandang infrastructures sa resort. He reinvested a lot and spent millions for

reconstruction.”

Parang may pumiga sa maliit na bahagi ng puso ni Hanna. Malayo ang loob niya sa kanyang ama dahil sa maraming kadahilanan pero ngayong nalaman niya ang bagay na iyon ay nakadama siya ng awa para rito. “B-bakit hindi na lang siya kumuha ng investors? I am sure maraming gugustuhing mag-invest diyan.”

“Yeah. You may be right. Sinabi ko na rin sa kanya ’yan. Iyan din ang payo ng Ninong Sancho mo as his legal counsel pero nagmatigas na ang daddy mo. He said he just wanted to be a part of *Laden* as an honorary member. Ayaw na niyang magtrabaho.”

“He’s workaholic. Wala nga siyang time sa atin noon, di ba?”

“Hanna, anak...your father is sick.”

Mas umantak ang kanyang pakiramdam. Bagaman may malaking tampo siya sa kanyang ama sa uri ng pagpapalaki nito sa kanya noon, mahal niya ito. His father wanted her to follow his footsteps. He was very strict. Malaki ang takot niya rito. Noon nga, hindi niya naramdamang mahal siya nito. Pakiramdam niya ay palaging kulang ang ginagawa at ipinapakita niya para mapasaya ito.

Woman in Love - Bernadette Alexandra

His father was intelligent, graduated with the highest honors and everything. She was just an average student then and he kept on telling her that he was not contented with her grades. Palaging sinasabi nito na brat siya at matigas ang ulo, pero hindi iyon totoo. In fact, sinunod nga niya ang kagustuhan nitong engineering din ang kuhanin niyang kurso.

His father had always been vocal in saying to everyone that he wanted a son, not a daughter. Hindi lang nito alam kung gaano katindi ng impact niyon sa kanyang pagkatao. She tried her best to obey him but it was always never enough.

What was worse, to please his father, she acted like a boy when she was young. Paano naman, gusto ng kanyang amang magsuot siya ng shorts at pantalon. Pati sombrero. Hanggang na nadala na niya ang pagiging boyish sa kanyang pagdadalaga.

Hindi niya malilimutan noong eighteen years old siya, hindi ito nagpa-party para sa debut niya. Ayaw raw nitong maisip na babae ang panganay nito at hindi lalaki. Pero ang pagiging kilos-lalaki niya ay hindi pa rin nito na-appreciate habang nagdadalaga siya. He would always tell her to act like a girl dahil lalo lang daw itong nadi-depress

kapag nakikitang babae ang panganay nitong anak pero lalaking kumilos. He wanted a real son. She felt so unimportant in his father's life.

Dahil nagkasakit sa obaryo ang mommy niya, hindi na ito muling nagbuntis pagkaraang maipanganak si Chloe, bukod pa sa may-edad na rin nang nagpakasal ang mga ito. Mas lalong na-depress ang daddy niya sa pagkawala ng pag-asang magkaanak pa ng lalaki. Sa puntong iyon, ibinuhos na lang nito ang atensyon sa trabaho bagay na lalong nagpalayo rito ng loob nilang magkapatid.

Hindi siya nito sinaktan physically minsan man, pero ang sugat na nilikha nito sa puso niya ang nag-udyok sa kanya para magrebelde. Hindi siya nagrebelde sa pamamagitan ng pagbabarkada o pagbibisyo. Ang ginawa niya ay iyong paraang alam niyang masasaktan niya ang ama. Sinunod niya ang gusto nitong magtapos ng Engineering pero hindi ang naisin nitong magtrabaho siya sa *Laden* at tutunan ang pasikut-sikot doon. After her graduation, she immediately went to America. Naroon ang milyonaryong kapatid ng mommy niya, ang kanyang Tito Mark, na siyang naging katuwang niya sa pagtatayo ng sariling negosyo. Arkitekto ito kaya napagpasyahan nilang magtayo ng engineering at architectural firm.

Woman in Love - Bernadette Alexandra

She even persuaded Chloe to do what her sister felt like doing. Alam niyang gusto nitong maging beauty queen bagay na tinutulan ng kanilang daddy, pero siya ang nagbigay ng lakas ng loob sa kapatid. Her sister won a beauty title and became an aspiring actress. Alam niya na iyon talaga ang pangarap ni Chloe and she was very happy for her.

Sa ngayon ay mag-aapat na taon na si Hanna sa Amerika at kahit paano ay maganda naman ang tinatakbo ng kanilang negosyo. Ayaw siyang payagan noon ng daddy niya, pero tahasan niyang sinabi na nasa hustong gulang na siya at gagawin niya kung ano ang gusto niya. Gone were the days when she would follow his every command. Minsan lang siyang umuwi sa loob ng panahong iyon at dalawang linggo lang siyang naglagi sa Pilipinas, pero sa panahong iyon ay hindi pa rin sila nagkaayos ng daddy niya. Pinilit siya nitong manatili na lang at tulungan itong mag-manage ng negosyo pero tahasan niya itong tinanggihan.

Kinapa ni Hanna ang puso. Dapat ay maging masaya siya na finally ay bababa na sa pedestal ng kapangyarihan ang taong kinatatakutan niya noon. He was so unattainable, so she thought.

Pero hungkag ang kanyang pakiramdam. Sa

halip na makadama ng tuwa ay nakadama si Hanna ng pait sa kanyang kaibuturan. She really loved her father after all.

“A-ano’ng sakit ni Daddy, Mommy?” Pinigil niyang gumaralgal ang kanyang boses.

“He had a mild heart attack two months ago. Tatlong araw siyang na-confine sa ospital.”

Nag-init ang sulok ng mga mata niya. “I... I didn’t know that.”

“Dahil wala kang panahong tumawag man lang sa amin. Sa tuwing tatawag ako sa apartment mo ay wala ka. Ayaw ko namang mag-iwan ng message sa answering machine tungkol sa nangyari sa daddy mo. I asked you to return my calls but you didn’t.”

“Mommy, wala na ako sa dati kong apartment. Sa building kung saan naroon ang opisina namin ako nag-i-stay. Naka-lock ang apartment for a long time now.”

“You didn’t even dare tell me that? Na lumipat ka na pala ng tirahan. My God, Hanna! Kung galit ka pa rin sa daddy mo, pati ba naman akong ina mo kailangan mong idamay? Alam kong hindi naging maganda ang pagpapalaki sa inyo ng daddy mo but don’t you ever forget that he’s still your father.”

Narinig niya ang paghikbi ng ina sa kabilang linya. “Your father’s pride is too high for him to say sorry to you, but I know... I know he’s very sorry.” Patuloy ito sa pag-iyak.

Nag-init na rin ang sulok ng kanyang mga mata kasabay ang pagsungaw ng luha roon. Agad niyang pinahid ang luhang pumatak sa kanyang pisngi. Ayaw niyang marinig ng ina ang pag-iyak kaya tinakpan niya ang mouthpiece ng telepono.

“Hanna, your father is sick. He’s so depressed now. He lost you and now, he is losing his legacy.”

“H-hindi niya ako mahal, Mommy.” Her voice cracked.

“Hindi totoo ’yan. Mahal ka niya.”

“H-hindi ko iyon naramdaman.” Isang butil ng luha ang muling bumagsak sa pisngi ni Hanna.

“Pinigilan ka niya pero nagmatigas ka. At kung tinawagan ka niya, babalik ka ba? Di ba, hindi rin? Isang malaking pagsuway na ang hindi mo pagtatrabaho sa *Laden*, sinundan mo pa ng pagmigrate sa Amerika at diyan magtrabaho. Nang nagbakasyon ka, inalok ka niya na magtrabaho na lang sa *Laden* pero ayaw mo pa rin; patunay ng pagmamatigas mo sa kanya. Your father gave you

the freedom you wanted.”

Hindi na niya napigilan ang mapahikbi. Naninikip ang kanyang dibdib. “W-where is he? How is he?”

“Nasa opisina siya. I know he has a meeting with the prospective buyer. Napili na nila ang highest bidder. Medyo okay naman na ang lagay niya. Nagmi-maintain siya ng gamot para sa blood pressure. Ang masama, diabetic siya kaya maaaring magkaroon ng mas maraming komplikasyon. Pinag-iingat siya ng doctor. Kaya palagay ko ay mas mabuti na rin na ibenta na nga niya nang tuluyan ang *Laden* para mabawasan ang mga iniisip niya. Makakasama sa kanya ang sobrang pressure.”

“B-but... *Laden* is his legacy.”

“I know that, pero wala siyang magagawa. Our fund is not enough. Lalo lang mababaon sa utang sa bangko at iyon ang mas nakakadagdag ng depression at anxiety niya. Nag-usap na kami nang masinsinan. Ang s’abi niya, habang may panahon pa, gagamitin niya iyon para... sa akin at sa inyo ni Chloe. He wants to win you back, anak.”

Lumakas ang hikbi niya. “S-sinabi niya iyon?”

“Swear to God, he said that. Malaki na ang

ipinagbago ng daddy mo, Hanna.”

Matagal bago siya muling nagsalita. “Mom, I’m going home.”

Nabigla ang mommy niya. “Are you serious?”

“Yes, I am. I am going to save *Laden*. Ako ang magma-manage n’on.” She had never been sure of herself. Pero siguradong-sigurado siya sa sinabi ngayon. Hindi niya alam kung anong milagro ang nangyari sa puso niya upang sa isang iglap ay mawala ang hinanakit niya sa ama. She realized she could not afford to lose her father just like that.

Nagkaiyakan pa silang mag-ina nang matagal sa telepono bago sila nagpaalaman. Bago magsara ang airline ticketing office nang hapong iyon, nagpa-book siya ng flight pabalik sa Pilipinas. Uuwi na siya ng bansang sinilangan three days from now.

Naunawaan naman ng uncle niya ang kanyang desisyon. Marahil ay gusto rin nito na magkaayos silang pamilya.

Hanna had never been this excited. Siya na ang magma-manage ng *Laden* at papalaguin niya muli iyon. Tutulungan siya ng daddy niya.

3

Nabigla si Gerry nang magpasabi ng mas maagang meeting si Antonio Garcia sa kanyang sekretarya. Dapat ay sa Biyernes pa sila magkikita para sa contract signing kasama ang abogado niya, pero nag-iwan ito ng mensahe kay Bianca na magtungo siya sa booking office ng *Laden Hotel & Resort* sa Ortigas sa alas tres ng hapon. Napaaga ang pag-email nito sa kanya ng draft contract na madali rin nilang napag-aralan ng kanyang abogado at in-email din niya agad ang matandang negosyante. They were a few days ahead of the schedule, pero mukhang mas mapapaaga pa yata.

Agad niyang ipinakansela kay Bianca ang mga naka-schedule niyang meeting. “Make sure na matatawagan mo ang appointment ko, Bianca. Ayokong napapahiya sa mga kliyente. Uunahin ko si Mr. Garcia.”

Nagpapungay pa ng mga mata ang sekretarya niya bago sumagot. “Yes, Sir.”

Tinalikuran na niya ito at hindi pinansin ang pagpapakita nito ng motibo. Tuluy-tuloy siya sa parking lot kung saan naka-park ang kanyang kotse.

Iba ang sekretarya ni Antonio Garcia sa booking office ng *Laden* sa isang malaking building sa Ortigas. Di hamak na mas bata at mas maganda ito kay Josephine.

Nakangiti ito nang salabungin siya. “Hello, Mr. Hamilton. I am Sarah, Mr. Garcia’s secretary. Hinihintay na po niya kayo.”

“Medyo na-traffic kasi ako sa EDSA. I hope he won’t mind my being a bit late.”

“Okay lang po. Hinihintay pa rin niya si Miss Hanna.”

Napakunot ang noo ni Gerry. “Hanna... his daughter?”

“Yes, Sir. Dumating po ang anak niya from the States today. From the airport, dito na siya dederecho,” sagot ni Sarah habang binabaybay nila ang hallway patungo sa opisina ni Mr. Garcia.

Bigla ang pagkapuno ng antisipasyon sa kanyang puso pero agad ding nahalinhan iyon ng pagtataka. Bakit siya pinapunta roon ni Mr. Garcia? Bahagyang nakadama siya ng pag-aalala na baka nagbago na ang isip nito pero agad din namang binalewala niya ang iniisip.

Sumunod siya kay Sarah hanggang sa inner office ni Mr. Garcia. Naabutan niyang nakaupo sa swivel chair nito ang lalaki. Sa tingin niya ay mas maaliwalas ang mukha nito kaysa noong una silang nagkita. Agad itong tumayo at sinalubong siya ng pakikipagkamay.

“Kumusta, Gerry?” tanong nito.

“Okay lang, Mr. Garcia. I was surprised about this meeting. Ano ho ba’ng problema?”

Iminuwestra ng nakatatandang lalaki ang guest chair sa harap ng desk nito. “Maupo ka muna.” Lumigid ito at saka naupo uli sa swivel chair.

Naupo siya. He was feeling a bit differently. He instantly felt there was something wrong. Huwag naman sanang kanselahin nito ang kanilang naunang pinag-usapan. The provisions in the contract were already settled.

“Pasensya ka na. I had to call you for an emergency meeting,” anito

“Nagtaka nga ho ako.”

Derechong nakatingin ito sa mga mata niya. “Gerry... I hope you will understand my change of plans.”

Parang may malamig na tubig na biglang bumuhos sa kanyang buong katawan. “C-change of plans? What do you mean? Hindi na ninyo ibebenta ang property?” sunud-sunod niyang tanong.

Nagpaliwanag ito. “Partly yes, partly no.”

“Mr. Garcia...”

“Huwag kang mag-alala. I’m still getting out of the picture, pero hindi ko na ito ibebenta nang buo,” pasimula nito. “I know we already had a gentleman’s agreement but I have the prerogative to alter my decision.”

“Pero bakit ho?” nalilito pa ring tanong ni Gerry.

Tila kumislap ang mga mata nito sa kaligayahan. “My daughter Hanna is coming back and she doesn’t want to give up the property. Alam mo bang matagal kong pinapangarap na maisapuso niya ang pagmamana ng business namin, pero dahil galit siya sa akin, she opted not to.”

“Let’s get straight to the point, Mr. Garcia...” Parang gustong magrebolusyon ng dibdib niya. He had been wanting to own *Laden* and he did everything possible to have it completely. Sumugal siya sa malalaking loans sa bangko para makuha ang perang kailangan niya. Why the hell was this

happening?

“My daughter is coming here straight from the airport. Sa totoo’y ayaw niyang ibenta talaga pero nagkausap na kami. Ipinaliwanag ko sa kanya na hindi na namin maa-afford na akuing mag-isa ang expenses. Na sa halip na kumuha ng maraming minor investors, isang major investor na lang ang kukuhanin namin. At ikaw ’yon, Gerry.” Huminga ito nang malalim bago nagpatuloy. “Alam kong handang-handa ka na pero hindi pa naman natin na-formalize ang lahat kaya may pagkakataon pa akong umurong sa napagkasunduan.”

Napalunok siya. “So... what share are you going to sell? Gaano kalaki?”

“Forty percent. Our family will have sixty.”

“P-pero...”

Bahagyang itinaas ni Mr. Garcia ang kamay nito tanda na ayaw muna siya nitong pagsalitain. “May usapan kami ni Hanna. Kapag hindi niya natutunan ang pagpapatakbo ng negosyo sa maayos na paraan sa loob ng isang taon, ibebenta ko sa iyo ang dalawampung porsiyento pa. In that sense, pipilitin niyang matuto. Gusto ko lang na maranasan ng anak ko na pamahalaan ang negosyong ito. At may

tiwala ako na makakapagtulungan kayong dalawa para hindi ito tuluyang malugi.

“Gerry, please understand. Ngayon lang mabibigyan ng pagkakataon na magkalapit-lapit kaming mag-aama, lalo na si Hanna sa akin. Isa akong ama na matagal naghintay ng pagkakataong ganito. I am asking for your understanding.”

Parang hinaplos ang kanyang puso sa sinabi nito. Who was he to argue with that? Isa pa, hindi na muna importante kung hindi agad mapapapunta sa kanya totally ang *Laden*. Kapag hindi natuto si Hanna at hindi nito nagustuhan ang trabaho, babalik uli ito sa Amerika. Magiging kanya rin ang hotel and resort.

“Gerry...?”

“I have no choice but to understand the situation, Mr. Garcia. Wala pa namang tayong napipirmahang kontrata kaya wala akong magagawa. I would still love to be a part of *Laden*.” Silently, he was hoping he could have it totally in no time.

Huminga ito nang maluwag at nakangiting iniabot ang kamay sa kanya. “Salamat, Gerry.”

Tinanggap niya ang kamay nito. Nasa ganoon silang sitwasyon nang bumukas ang pinto.

Woman in Love - Bernadette Alexandra

Napalingon siya at agad na tumama ang mga mata niya sa matangkad na babaeng kasunod ni Sarah. He was sure it was Hanna.

Hindi niya alam kung nagkataon lang, pero sa mga mata agad niya ito nakatingin, hindi sa ama nito. And the moment their gazes locked, he felt a strange pounding in his chest.

She was beautiful even if she was not wearing any makeup; ni walang lipstick. Her hair was as short as his. Medyo mahaba ang bangs nito na yumuyungyong sa hugis-pusong mukha nito. Her eyes were big but they were very expressive. Kamukha ito ni Chloe Garcia. Ang kaibahan nga lang siguro, astang-lalaki ito dahil sa pananamit nito. She was wearing a white shirt and denim pants. May nakapatong na maong din na jacket sa shirt nito. When he looked down, he saw her wearing black leather boots.

Ngunit alam ni Gerry na bagaman nababalot ito ng kasuotang animo panglalaki, maganda ang hubog ng katawan nito. She had long legs.

“Hanna!” Naipilig niya ang ulo nang narinig ang boses ni Mr. Garcia.

“DAD!” Patakpong lumapit si Hanna sa ama.

Agad niya itong niyakap. “I’m sorry, Dad,” bulong niya. She was not expecting a stranger in her father’s office. Nagpumilit siyang dumaan sa opisina nito para makausap ito agad pagkagaling niya sa airport. Nauna nang umuwi sa bahay ang mommy niya at si Chloe. Ang mga ito ang sumundo sa kanya sa airport.

Mahigpit din ang yakap ng ama sa kanya. “Oh, Hanna...anak ko.”

Hindi niya napigilan ang pagpatak ng luha. She had been longing for her father’s embrace eversince. Kaytagal niyang inasam ang pagkakataong iyon. Matagal silang nag-usap sa pamamagitan ng internet noong isang gabi. Nagkahingahan na sila ng sama ng loob kaya hindi niya napigilan ang kanyang emosyon ngayon. Pero kailangan niyang huwag mapahagulhol dahil may ibang tao sa opisina ng ama. Kumalas siya sa pagkakayakap dito.

Saka siya napatingin uli sa bisita nito. Kung hindi siya nagkakamali, ito ang ikinuwento ama na bibili sana ng kanilang property. Ewan ba niya kung ano mayroon ang lalaking ito dahil sa kauna-unahang pagkakataon sa dalawampu’t limang taon niya sa mundo, ngayon lang kumabog ang puso niya nang ganoon kalakas pagtama pa lang ng mga mata nila kanina. Well, marahil ay dahil pumasok agad sa

isip niya na ito nga ang prospective buyer ng *Laden*. Dahil alam niyang ibebenta pa rin ng daddy niya ang malaking bahagi ng share, kinabahan siya sa isiping baka hindi sila magkasundo nito.

Iyon ay kung ito nga ang binabanggit ng daddy niya na Gerry Hamilton. He might be one or two inches taller than six feet. He was not the boy-next-door type but he had this certain kind of charm. He had a sex appeal that any woman could not resist.

Ipinilig ni Hanna nang bahagya ang kanyang ulo. Kailan pa siya nagkaroon ng interes sa katangian ng isang lalaki? Although napagkakamalan siyang lesbian sa uri ng pananamit niya, alam niyang hindi siya ganoon. Ngunit ngayon lang talaga siya nagkaroon ng instant attraction sa isang lalaki.

“Hanna, I would like you to meet Gerry...” umpisa ng pagpapapakilala ng daddy niya.

I knew it was him, sabi ng utak niya. Magsasalita sana siya pero tila umurong ang kanyang dila sa pagkakataong iyon. She was a typical spontaneous speaker.

Naunahan siya ni Gerry na magsalita. “Hi, Hanna. It’s so nice to finally meet you,” anito. He had a low baritone voice. Bagay sa malaki nitong

pangangatawan at taas.

“Hello, Mr. Hamilton,” sa wakas ay nasabi niya.

Itinaas nito ang kanang kamay. “I would love to be your partner.”

Ewan ba niya kung bakit kinilabutan siya sa pagkasabi nito ng ‘partner’.

“Business partner,” dugtong ng dalaga bago tinanggap ang pakikipagkamay nito. Pero mas nabigla siya sa kilabot na gumapang sa kanyang kaibuturan nang pumaloob ang kamay niya sa malaking kamay nito. Parang may mainit na bagay na pumasok sa kanyang kaibuturan. Agad niyang hinila ang sariling kamay.

Nakita niya ang malapad na ngiti ni Gerry. He showed a winsome smile that also showed his pearly white teeth. Pantay-pantay ang mga iyon. “Yes. Kahit... kahit hindi pa kami nakakapagpirmahan ng kontrata ni Mr. Garcia.”

Ibinaling niya ang atensyon sa daddy niya nang nagsalita ito. “I want the contract signing to happen in *Laden*. Gusto kong magbakasyon ka uli doon, Gerry. Isama mo rin ang pamilya mo. Your girlfriend maybe. Dadalhin ko rin ang asawa at ang dalawa kong anak.”

Sumagot si Gerry. “Sure thing, Mr. Garcia. I’ll ask my mom to come along.”

Gusto niyang pigilan na mapatingin sa binata pero napasulyap na siya rito. Kung bakit naman sa kanya rin ito nakatingin kaya nagtama na naman ang mga mata nila.

Dinugtungan nito ang sinabi. “I’m not dating anyone special right now kaya wala akong madadalang girlfriend.”

Tumawa ang daddy niya. “Parang gusto kong maniwala.”

Ngumiti ito. “Honestly, wala akong seryosong karelasyon.”

Ewan ba ni Hanna kung bakit tila nainis siya sa sinabi nito. Marahil, kaya wala itong serious relationship ay dahil ito ang tipong ‘naglalaro’ lang. May nabuong inis sa dibdib niya dahil sa isiping iyon. Ibinaling niya ang atensyon sa ama.

“So, I’ll just meet you there at *Laden* on Saturday?” anang daddy niya kay Gerry.

“Yes, Sir. I will be there. Hindi ko lang masiguro kung makakasama ang mother ko. But I will tell her to come.”

“Good,” sagot ng kanyang ama. “Salamat sa pang-unawa mo, Gerry.”

“Don’t mention it, Mr. Garcia.”

“Naku. Much as I want to keep our meeting longer, gusto ko na ring makauwi kami ni Hanna. We have so much to talk about.” Hinapit ng daddy niya ang kanyang baywang.

It warmed her heart. Gusto na rin talaga niyang makauwi sa bahay nila. Gusto niyang maranasan na masaya silang magkakasamang buong pamilya, bagay na hindi niya naranasan noong bata pa siya.

Magkakasabay silang sumakay sa elevator hanggang sa paglabas sa building. Nang nasa basement parking na sila ay muli siyang kinamayan ni Gerry.

“I’ll see you again, Hanna,” anito. He was looking straight into her eyes as if penetrating her very soul. Bumilis na naman ang pintig ng kanyang puso.

“Y-yeah. See you around,” tanging nasabi niya.

Nang nakasakay na siya sa hulihan ng *BMW* ng daddy niya na minamaneho ng driver nito ay hindi niya naiwasang mapatingin sa *Land Rover* na sinakyan ni Gerry. The car was midnight blue. Bagay

na bagay sa tikas ng may-ari nito.

Ipinilig niya ang kanyang ulo. She could not believe she was scrutinizing his physical qualities. Buong buhay niya, wala pa siyang lalaking nabigyan ng ganoong atensyon. Yes, she had crushes but she had not felt the way she was feeling right now.

Parang gusto niyang sampal-sampalin ang sarili sa kung anu-anong kagagahan na pumapasok sa utak. She could not be attracted with Gerry Hamilton. She should not be; that would be insane.

“Hanna, anak... thank you.”

Napalingon siya nang ginagap ng ama ang kamay niya. Nginitian niya ito. “You don’t have to thank me, Daddy. Ako ang dapat mag-thank you sa pagbibigay mo sa akin ng chance kahit... kahit hard-headed ako at sinuway kita noon.” Sumandal siya sa balikat nito.

“Everything was my fault, darling.”

Pinisil niya ang braso nito. “Huwag na po nating pag-usapan ’yon, Daddy. Ang importante, we’re together now.”

Hinaplos naman ng ginoo ang ulo niya. “When you were a little girl, ni hindi kita nakarga but now, I

promise to show you how much I love you and your sister Chloe.”

Iniangat niya ang ulo at sinalubong ang nangungulap na mga mata ng ama. “It’s not yet too late for us, Dad. Matagal pa tayong magkakasama.”

Ngumiti ito. “With Gerry’s determination and your willingness to help me, I’m sure *Laden* will never go wrong,” anito. “Hanna, I want you to work well with Gerry.”

“Matagal mo na bang kilala si G-Gerry, Daddy?” She had to control the fast beating of her heart as she spoke his name.

“I didn’t know him personally pero nasundan ko kung paano niya napalago ang kanyang negosyo sa loob lamang ng maikling panahon. He is so young, yet he is determined to make it to the top. He owns a chain of motels, ’yung *Happy House Inn*.”

“Motels!” may pagkagulat na bulalas niya.

“Yes, motels. What’s wrong?”

Nag-init ang mga pisngi niya. “Dad, di ba ’yun ’yung place where lovers spend short time to... you know.”

Tumawa nang malakas si Antonio. “Alam ko

ang iniisip mo. Pero alam mo bang nabigyan niya ng bagong bihis ang motel industry? Kapag sinabing motels, ang unang pumapasok sa utak ng mga tao ay para lamang sa lovers iyon. Karamihan ay panandaliang aliw ang gusto, pero iba ang *Happy House Inns*. They tied-up with small restaurants and resorts. Maliit sila kung ikukumpara sa *Laden* pero profit-wise, malaki ang income nila. Gerry's style is micro but the profit is macro. Kahanga-hanga! Kaya nga siya ang napili ko sa bidders kahit malalaking hotel owners din ang nag-bid para mabili ang negosyo natin," mahabang paliwanag nito.

Pinigil niyang mapahinga nang malalim. Mukhang hangang-hanga nga ang daddy niya kay Gerry. She was wondering kung magiging maganda ba kaya ang kanilang working relationship.

"Kapag nagkasama kayo sa *Laden*, I want you to be nice to Gerry. Gusto ko'y magkapalagayang-loob kayo agad."

"B-bakit po?"

"Anong bakit?" balik-tanong ng ama. "You will be working closely with each other. Kung gusto mong matuto agad, you should get along with him."

"I... I guess iba ang style kapag motel business."

Umiling ang daddy niya. “You may be right but the bottom line is always... profit. Kung nagawa niyang paunlarin ang negosyo niya in so short a time, maaari din niyang paangatin uli ang *Laden*. Besides, he used to work in a five-star hotel in Australia.”

“Nariyan ka naman, Daddy, para sumuporta sa akin, di ba?”

“Of course. Pero ang sinasabi ko, kayo na ni Gerry ang magka-partner. You may consult me from time to time.”

Ngumiti si Hanna. Bumibilis ang tibok ng kanyang puso kapag naiisip na makakasama niya ang binata palagi. It was a very strange feeling. Akala niya, naging tomboy na talaga siya dahil hindi nga siya nagkakagusto sa lalaki pero ngayon, alam niyang attracted siya sa opposite sex—kay Gerry nga.

4

Hanna could never exchange the happiness she was feeling right now for any wealth in the world. She was with her family in a grand vacation in *Laden*. Wala siyang natandaang pagkakataon noon na nagkasama-sama silang pamilya na ganoon kasaya. Oo nga at noong maliliit pa sila ni Chloe ay nakapunta sila sa *Disneyland*, pero hindi naman nila nakasama ang daddy nila roon. Palaging may kausap ang ama tungkol sa negosyo.

Kahapon pa sila dumating sa *Laden*. Si Chloe ay tatlong araw lang nilang makakasama dahil pupunta ito sa Baguio para sa shooting ng bagong telenovela nito kaya naman sinamantala nila ang pagkakataon para makapag-bonding. They were occupying Cottage 102.

Ang mga magulang nila ay masaya ring namamasyal. Kanina lang ay magkasamang nag-golf ang dalawa, mamaya raw ay magpapa-spa raw ang mga ito nang sabay. Sila naman ni Chloe ay katatapos lang mag-tennis.

Her sister was as beautiful as ever. Palibhasa nga ay artista ito, ito ang mas napapansin kaysa kanya.

Well, noon pa man ay ganoon na ang sitwasyon. Sa mga parties na pinupuntahan nila, palaging sinasabi ng mga kaibigan at kamag-anak nila na artistahin ang ganda ni Chloe. She was very lady-like. Kaya nga nagkaroon ito ng titulo as *Bb. Pilipinas-World* two years ago. Hindi nga lang ito pinalad na magwagi sa international competition. Alam niya na mas lalong maraming humanga sa kapatid niya nang maging beauty queen ito, pagkatapos ay unti-unti na itong nakikilala bilang artista.

Wala siyang reklamo doon. Si Hanna pa nga ang nagbigay ng lakas ng loob dito para tuparin ang pangarap nito. Without any ill feelings, she was happy for her sister.

Nagkakatuwaan sila ni Chloe na bumalik sa cottage. Naabutan nila ang parents nila na nagkakape sa verandah. They looked like a happy and contented couple and Hanna's heart was very much filled with gladness to see them both happy.

Matapos silang humalik sa dalawang matanda ay nagtungo sila sa kanilang kuwarto. They shared a room kahit tatlo ang kuwarto ng cottage para nga mas makapagkuwentuhan sila.

“Ate, nakakatuwa, ano?” ani Chloe na mas bata sa kanya ng dalawang taon. Nakaupo ito sa harap

ng tokador; naka-crosslegs habang nakaupo ang derecho.

“Sinabi mo pa.” Nakahiga siya sa kama. “I never imagined na mangyayari ang ganito. Parang nananaginip lang ako.”

“Ako rin nga. Matagal ko nang pinapangarap ang ganito. Sayang nga lang, kailangan ko nang umalis bukas. Tatlong araw lang kasi ang paalam ko sa director ko. Kailangan kong sumunod sa Baguio.”

Ngumiti si Hanna. “Don’t worry. Hindi naman ito ang huli nating pagsasama, di ba? Ito pa lang ang una. Eh, di pagkatapos ng shooting mo, magbakasyon tayo uli.”

“Of course,” sagot ng kapatid. Mayamaya ay tila may naalala itong sabihin. “Kaya lang baka hindi ko ma-meet si Gerry. I am dying to meet him. Kasi si Daddy, wala nang bukambibig kundi si Mr. Hamilton. I’m so curious to see him na talaga.”

Bigla na lang rumagasa na ang kabog ng kanyang dibdib, pagkabanggit pa lang sa pangalang iyon. Gusto na niyang pagalitan ang sarili. Hindi normal sa kanya ang ganon.

Tumayo si Chloe at lumapit sa kanya. “Akala ko ba darating siya?” untag nito.

“E-ewan ko kay Daddy. Ang usapan yata nila, magbabakasyon din s-si Gerry dito.”

“Sana naman magkita kami before I leave for Baguio,” nakangiting sabi ng kapatid. Pagkuwan ay hinila nito ang kamay niya. “Ate, tell me... what does he look like? Guwapo ba talaga?”

Pumiksi si Hanna. Itinago ang pamumula ng mukha. “H-ha? Ewan ko. My God, Chloe! Ako pa ba ang tanungin mo?”

Tumawa ito. “And why not? Boyish ka lang kumilos, but you know, deep inside your heart that you’re one hundred percent a lady.”

“Oo nga. Pero... hindi ko alam. Alam mo namang noon pa, hindi na ako mahilig mag-rate sa mga boys,” kunwa ay kaswal niyang sagot.

“Ibig sabihin, talagang wala kang naging boyfriend kahit isa? Hindi ka pa nakipag-date sa States?”

“Boyfriend, nah! Pero date... meron naman. Kaya lang talagang zero, eh. Nababato siguro ’yung mga nakaka-date ko kaya hindi na uli nag-invite.”

Tumawa nang malakas si Chloe. Isinipit nito sa magkabilang tainga ang kulot na buhok. “Ayaw mo

pa kasing magpaka-girl. Pretty ka naman just like me. ”

Bumangon si Hanna. “Heh!”

“Hindi nga, Ate. Maganda ka. Magkamukhang-magkamukha nga tayo. In fact, kung magkakaroon ako ng role na twin sa TV, you could pass for my double. It’s just that you don’t act the way I do. Hindi mo alam kung paano gamitin ang kagandahan mo. You look exactly like me. Kailangan lang, mahabarin ang buhok mo ’tapos, mag-dress ka at skirt.” Tumayo ito at hinila ang kamay niya. “Tayo ka nga, Ate.”

Sumunod naman siya bagaman mabigat sa loob.

Iniiikot siya nito. “You’re sexy and have very nice legs. Itinatago mo lang kasi.” Sinipat siya nito mula ulo hanggang paa. “Ang kulang lang sa iyo, kumbaga sa model o artista ay projection and presto, you’ve got what it takes.”

Sinaway niya ang kapatid. “Chloe! Tigilan mo ako.” Pinalis niya ang kamay nito.

Lumabi lang ito. Nahiga uli siya sa kama. Ngunit muli siya nitong hinila. “Swimming na lang tayo,” pangungulit nito. “Tamang-tama, alas cinco na. Hindi na masyadong maaraw.”

“Okay. Magpapalit lang ako ng shorts.” Tumayo na siya.

“Uh-uh! We should wear bikini.”

Nanlaki ang mga mata ni Hanna. “What!”

“Of course!” sabi nito. “Ate, baka nalilimutan mo, we are in *Laden*. This is a first class hotel and resort. Hindi pinapayagan na maligo sa pool at sa beach ang hindi naka-proper swimsuit.”

“Baka nalilimutan mo rin na tayo ang may-ari ng resort kaya I can wear whatever I want? Kesehodang naka-pajama ako diyan!” asik niya.

Umingos si Chloe. “Baka nalilimutan mo rin na as owner and as future manager of this place, ikaw ang dapat na kauna-unahang sumunod sa house rules and regulations. Narinig ko ’yan na sinabi ni Daddy sa iyo sa orientation mo two days ago.”

Natameme siya.

“So? Are you ready to flaunt what you have?” Nakangiti na si Chloe.

“Wala akong dalang swimsuit,” angil ni Hanna.

“Don’t worry! I brought two extra bikinis.” Mabilis itong lumapit sa traveling bag at binuksan

iyon. Inilabas nito ang dalawang pirasong two-piece swimsuit, which were both sexy and revealing. Iniabot nito sa kanya ang kulay red. “I think this will fit nice on you.”

Nanlaki ang mga mata ni Hanna. “Oh, my God! Pagsusuotin mo ako nito? Are you out of your mind?”

“I am in my right senses. Isuot mo ’yan, Ate. Itong black, sa iyo na rin. Hindi ko naman magagamit ’yan kasi aalis na ako bukas. I’ll wear this one,” anito na ang tinutukoy ay ang pale yellow na pares na hawak nito sa kaliwang kamay.

“Hindi ako sanay magsuot ng ganito,” tanggi pa rin niya. Nakapagsuot na siya ng swimsuit pero one-piece iyon at konserbatibo ang style. Natitiyak niyang luluwa ang hindi dapat lumuwa kapag isinuot niya ang skimpy swimsuit na iyon. Isipin pa lang niya na isusuot ang alin man sa dalawang ibinigay ni Chloe sa kanya ay kinikilabutan na siya.

“We have almost the same body figure. Mas lamang ka nga kung tutuusin, kasi mas malaki ang boobs mo kaysa akin. You have nicer butt, too. Itinatago mo lang lagi. Sige na, Ate. I am sure, matutuwa sina Daddy at Mommy kapag nakita ka suot iyan.”

Ibinalik niya kay Chloe ang mga damit-panligo. “Chloe, no! I’ll go swimming with you pero bibili na lang ako sa boutique sa hotel ng one-piece. At least magiging komportable ako.”

“Ate, huwag ka ngang kill joy. Just try it on. Kapag masagwa, I will tell you.”

“Chloe, huwag kang pasaway!”

Tumawa ito. “Ikaw kaya ang pasaway. C’mon, Ate... try it on.” Ibinigay uli nito sa kanya ang isang pares ng swimsuit. “This one. Try this on.”

Pinanlakihan niya ito ng mga mata. “Chloe...”

“Ate, please!” Pinaglapat pa nito sa dibdib ang dalawang kamay na animo nagdarasal.

Natawa si Hanna. “Makulit!” aniya bago nagtungo sa banyo. Pagbibigyan na lang niya ang kapatid. Isusukat lang niya iyon, pero nunca siyang lalabas sa beach na suot iyon.

Matapos maisuot ang pulang two-piece ay pinamulahan siya ng mukha nang makita sa salamin ang repleksyon. Napalunok siya. Of course, she knew she was sexy but she never thought she could be daring in that bloody red swimsuit she was wearing. Sanay siyang ang style ng bra ay iyong natatakpan

ang buong dibdib niya at magsuot ng panties na old-fashioned ang style. Hindi siya sanay magsuot ng skimpy bikini tulad ng sa kanya. Ang pang-itaas na kapareha niyon ay halos kalahati lang ng boobs niya ang natakpan. It was too damn sexy but it was not vulgar.

Naabutan siya ni Chloe sa ganoong estado nang buksan nito ang pinto ng banyo. Nakapanligo na rin ito. Napapalatak ito nang nakita siya. “Oh, wow!” Namilog ang mga mata nito. “Ate, you’re gorgeous! Mas sexy ka pala talaga sa akin.”

Nag-init ang mga pisngi niya. “Heh! Huwag mo nga akong lokohin.”

“Bakit naman kita bobolahin?”

“Chloe, asiwa ako sa suot ko.” Akmang dadamputin na niya ang hinubad niyang maong na short para isuot uli.

Inunahan siya ni Chloe. Inihagis iyon sa loob ng shower room. Hinila kaagad nito ang braso niya. “No, no. Tara na, we’ll go swimming. Madalang ang tao sa beach. Masarap maglangoy.”

“Pero...” piksi ni Hanna pero hindi nito binitawan ang kamay niya.

Woman in Love - Bernadette Alexandra

“Wala nang pero-pero. Halika na. I’m sure matutuwa sila na makita ka na naka-swimsuit. Dalawa na ang beauty queens nila.” Hinaltak siya ni Chloe palabas ng kuwarto.

Wala na siyang nagawa. Pero muntik na siyang himatayin dahil paglabas nila ay nasa salas na ang parents nila... at may kasama pang bisita. Nag-uusap ang mga ito at bago pa siya nakahuma, nagtama na ang mga mata nila ni Gerry.

Gustung-gusto na niyang tumakbo pabalik sa kuwarto at magbalot ng kumot. Pakiramdam niya ay nag-aapoy sa sobrang init ang kanyang mga pisngi at tainga. Para kasing hinuhubaran siya ni Gerry sa uri ng tingin nito. At tila siya hihimatayin!

Kung maaari nga lang na lumubog siya sa kinatatayuan sa oras na iyon, o kaya ay mag-evaporate siyang bigla. Kung puwede lang sana.